

## Pahayagan ng Ladies Prayer International



United Pentecostal Church

Enero 2016

Visit [Ladies Prayer International on Facebook](#) and "like" our page!

### **Consistency...mayron ba tayo nito?**

Ni Jerolyn Kelley



*Consistency! Consistency! Consistency!* Bakit ba parang kapag naririnig natin ang salitang "consistency" o kapanatilihan tayo ay napapa "ouch"? Ang pagkain, pagtulog, pagligo at pagtatrabaho ay imposibleng mawala sa atin, palagi itong parte ng ating buhay. Sana pagdating sa sambahan, tayo din ay maging pala dalo, tapat sa pagbibigay ng ikapo, sa pagpapatutuo at iba pa.

Sa kasamaang palad, minsan ay nakakaligtaan natin na turuan ang ating mga anak na manalangin palagi at magkaroon ng debosyon sa pang-araw-araw. Kaya naman minsan paulit-ulit nalang tayo nakakaramdam ng pagsisi at kabiguan dahil tayo mismo ay walang ring disiplina sa sarili.

Paano ba natin maaalis ang mga hadlang na pumipigil sa atin? Sa tutuo lang walang mabilis at madaling paraan. Ang kaaway nang ating kaluluwa ay palaging gumagawa ng paraan upang malihis ang ating *consistency* sa pananalangin kasama ng ating pamilya. Minsan hindi natin napapansin na hindi na sbay sabay manalangin ang ating pamilya dahil para bang ang kanilang mga kadahilanan ay tama. Tunay na ito ay pang-araw araw na laban.

Noong mga bata pa ang aming mga anak, napansin ko na ang mga pamilya na madalas nagmamadali at palaging nahuhuli ay wala ng oras para makapanalangin ng sama sama. Nalulungkot ako kapag nakikita ko na ang mga magulang na yaon ay hinahatid sa paaralan ang mga anak na hindi man lang sila nakakapanalangin o kung di naman ay pinapatulog ang mga anak na hindi man lang napanalangin. Araw araw, madami tayong mga ginagawa, nakakaya natin gawin ang lahat ayon sa iskedyul subalit bakit pagdating

na sa panalangin sa mga anak o sa pamilya ay di natin magawa? Kung alam lamang natin na kapag hindi natin tinuruan ang ating mga anak sa salita ng Diyos at panalangin sa kanila ay katumbas din ng hindi pagpapakain ng pisikal.

Noong nag-aaral pa ang aming mga anak, sila ay naturuan na dapat bihis at handa na sila ng 8:10 ng umaga. At pagkatapos ay sama sama kami sa salas, magbabasa kami ng biblia at manalangin ng sama sama saka sila papasok sa paaralan. Ito ay naging "routine" na namin na minsan kahit na ang dami pa naming gagawin, sinisigurado pa din namin na ito ay pahalagahan nila kagaya ng pagsipilyo sa umaga, pagsuklay ng buhok, at pati na din paghahanda ng kanilang mga gamit nila sa klase. Ang aming debosyon ay hindi mahaba, subalit ito ay "consistent". Gumamit kami ng mga pambatang debosyonal na materyales, nanalangin sa mga tao sa sambahan, sa aming pamilya, at sa mga misyonaryo. At higit sa lahat ang aming pamilya. Mga 8:20am handa na silang pumasok sa paaralan.

Itinuro din namin sa kanila na dapat ay maging bahagi sila ng *Prayer Ministry* sa aming sambahan. Ito ay hindi madali sa kanila subalit alam namin na tamang panahon iyon na malaman nila na ang prayer ministry ay hindi isang opsyon lamang sa buhay kristiyano. Bilang pamilya, Lahat kami ay palaging andun at kabahagi sa gawain. At nagpapasalamat ako sa Diyos na hanggang ngayon ay dala nila ito sa kanilang pagtanda.

Palagi natin tandaan na, madaling turuan ang mga bata subalit mahirap ayusin ang matanda.. Mateo 19:14 at Kawikaan 22:6 ay mga bersikulong maari nating magamit sa paghubog at pagtuturo sa ating mga anak. Turuan natin sila na maging *consistent* habang bata pa sila

Tala: Si Sis Jerolyn Kelley ay mahal ang gawain sa Northern Europe. Nakatira siya sa Glasgow, Scotland, at nagpapasalamat sa Diyos sa kanyang asawa, mga anak ay mga apo.



[Sign up for FREE newsletter!](#)

---

## Ang Milyahe ng *Consistent Prayer*

Ni Leah Seagraves



May isang ina na lumapit sa akin na umiiyak, ang sabi niya, "Palagi ako nanalangin na minsan halos di ko na alam kung kaya ko pang manalangin ko, ang anak ko ay tumalikod na sa Panginoon! At para bang habang nanalangin ako para sa kanya, mas lalo siya napapahamak at mas lalo siya napapalayo sa panginoon. Matagal ko nang dala dala ang kabigatang ito." Kapagdaka siya ay tumingin ang kanyang mga mata na punumpuno ng kalungkutan. "Palagay mo ba may pag-asa pa siya?" Ginawa ko ang lahat para makumbinsi siya na kapag mayroon siyang ina na palaging nanalangin sa kanya, mayroon pa ding pag-asa. Pinag-usapan namin ang Galatia 6:9: "At huwag tayong mangapagod sa paggawa ng mabuti: sapagka't sa kapanahunan ay magsisipagani tayo, kung hindi tayo mangangihimagod.

Ilang linggo pa siya ay nagtanong muli "bakit kaya hindi pa din siya bumabalik? Hanggang kailan kaya ako maghihintay? Habang patuloy kaming nag-uusap, napagtanto niya na hindi pala niya namamalayan na unti unti na palang bumabalik ang kanyang anak. Dati rati umiiwas kaagad ang kanyang anak mabanggit lamang niya ang sambahan. Di niya namamalayan na ngayon ay humihingi na ang anak niya ng

panalangin patungkol sa mga isyu nito sa buhay. Inamin ng ina na ang nasa isipan niyang pagbabalik ng anak niya ay sa pamamagitan ng dramatikong pamamaraan. Iyong tipong tatakbo sa altar. Dahil ito ang palaging nasa isipan niya, hindi niya namalayan ang pakonti konting pagbabago. Kami ay nagbukas ng biblia at binasa ko sa kanya yung "Sapagka't ang aking mga pag-iisip ay hindi ninyo mga pag-iisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon. Sapagka't kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kaysa inyong mga lakad, at ang aking mga pag-iisip kay sa inyong mga pag-iisip. (Isaias 55:8-9).

Kadalasan ngayon ang anak niya ay marami ng "victory reports." Humingi na din ito ngayon ng *Bible study books*. Nanalangin na din, at tinutugon ng Diyos ang kanyang mga panalangin. Nagpasalamat na din siya sa sambahan dahil sa patuloy na panalangin para sa kanya. Habang isinusulat ko ito, hindi pa din siya lubusang nanunumbalik, pero linggo linggo ay palaging may patutuo patungkol sa kanya. Bagama't mabagal ngunit nagpapatuloy. Nagpapatuloy na ibinibigay sa Diyos ang kanyang buhay!

Kung ikaw ngayon ay nakakaramdam ng kabiguan sa mga taong matagal mo nang pinapanalangin. Magpatuloy pa din at buksan natin ang ating mga mata, baka mayroon ng konting pagbabago sa kanila. Alalahanin natin na kung sila ay mga "backslider" sila ay mga taong kusang tumalikod, hindi basta nanghina lamang kundi tumalikod. At ang kanilang panunumbalik ay maaring mabagal. Hindi man sila makabalik agad, basta patuloy lamang tayong manalangin sa kanila, ang Diyos ang kikilos sa kanila. Ipanalangin natin na ipakita sa atin ng Diyos ang mga mallilit na pagbabago. Marami na yan. At ipinangako niya ito sa Santiago 5:16 Mangagpahayagan nga kayo sa isa't isa ng inyong mga kasalanan, at ipanalangin ng isa't isa ang iba, upang kayo'y magsigaling. Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid..

Tala: Si Lea Seagraves ay anak ng pastor at ngayon ay asawa din ng pastor sa SeaTac, Washington, marami siyang nakitang mga mirakulo. Kapag tayo ay nanalangin, matutong ibigay ang lahat sa Diyos.

---

Watch our Video

---

### Mula sa Editor



Debbie Akers

### Maraming ginagawang mabuti ang Diyos ,

Ang Diyos ay patuloy na nagbubukas ng pinto, Ang pahayagang ito ay mayroon na ring English, Spanish, French, German, Dutch, Portuguese, Russian, Greek, Arabic, Farsi, Czech, Chinese, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italian at Norwegian. Ipanalangin po natin na magkaroon na rin tayo ng Polish na taga translyet.

Kung nais nyong magkaroon ng mga iba't ibang transleasyon mula sa taas, maari lamang na mag request sa

---

## Ministry Links

[Ladies Prayer International](#)  
[UPCI Ladies Ministries](#)  
[More to Life Bible Studies](#)  
[Today's Christian Girl](#)  
[World Network of Prayer](#)  
[UPCI](#)  
[My Hope Radio](#)  
[Multicultural Ministries](#)

---



**Sino kami?** . . . Simula pa noong 1999: ang “Ladies Prayer Intl.” ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan ,upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.

henerasyon.

**Ang aming misyon** . . . Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon ,gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang

**Aming kailangan** . . . Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang knilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

**Tatlong dapat bigyang pansin sa pananalangin..**

1. Kaligtasan ng ating mga anak(Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
2. Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (I Juan 2:25-28; Santiago1:25)
3. Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38

---

[Watch our Video](#)

---

**The Pure Path Series**  
from Ladies Ministries



**The Girl in the Dress:**  
Uncovering the Mystery of Modesty  
A book written for girls about the importance and beauty of holiness.

**Unmasked:**  
A Clear Reflection—  
The Truth about Body Art, Makeup, and Jewelry  
A book to help young ladies be strong in their journey along the path of godliness.

**Covered by Love:**  
The Lincut Mystery—  
It's So Much More Than Hair  
A book presenting the positive message of obedience, purpose, and blessing concerning women's hair.

**The Pure Life:**  
The Heart of the Matter  
A book dealing with moral purity that rejects and rebuts society's erroneous definitions of love and intimacy.

For more information or to purchase, contact Ladies Ministries: 314.837.7304 ext. 412 or [ledies@upci.org](mailto:ledies@upci.org)


**Ministries we support...**

**TUPELO CHILDREN'S MANSION** Children live in an environment with opportunity to grow spiritually, physically and emotionally.

**NEW BEGINNINGS** Maternity care for birthmothers considering adoption and child placement for adoptive couples.


**HAVEN OF HOPE** A program for girls ages 13-16 with behavioral and emotional issues.

**LIGHTHOUSE RANCH** for BOYS Healing broken and hurting lives of teen boys.



**ABLE Ministries**

**Accepting, Believing, Loving, Embracing**  
individuals and families affected by disabilities



**ABLE** is dedicated to assisting the Special Needs and Disabled populations within the church and the community.

**ABLE** is a program of Ladies Ministries UPCL. For further information, email [ladies@upci.org](mailto:ladies@upci.org) or call 314.837.7304 ext. 412.

See what's happening on our social sites:



UPCI Ladies Ministries | [LadiesPrayerIntl@aol.com](mailto:LadiesPrayerIntl@aol.com) | 314-373-4482 | [LadiesMinistries.org](http://LadiesMinistries.org)